Mensahe Siyam

# Ang Hiwaga ng Ekklesia

Babasahin sa Kasulatan: Apoc. 10:7; Roma 16:25;
Efe. 1:5, 9, 11, 22-23; 3:3-11; 1 Cor. 6:17

**I. Inihahayag sa Efeso 3:3-11 na maaari nating maranasan at matamasa si Kristo bilang hiwaga ng ekklesia.**

**II. Ang nakukubling layunin ng Diyos ay ang hiwaga, at ang paglalahad sa hiwagang ito ay pahayag; nagsasalita ang Biblia hinggil sa pahayag ng hiwaga—Roma 16:25; Efe. 3:3, 5:**

A. Ang hiwaga ni Kristo, ang ekklesia, ay nakukubli sa ibang henerasyon subalit nahayag sa kapanahunan ng Bagong Tipan—b. 5.

B. Ang hiwagang ito ay nakukubli sa loob ng Diyos sa buong itinagal ng mga kapanahunan, subalit ngayon ang mga Bagong Tipang mananampalataya, na naliwanagan, ay may kakayahang makita ito—b. 9.

C. Ang hiwaga ni Kristo ay nahayag sa mga apostol at mga propeta sa kanilang espiritu sa pamamagitan ng pahayag—b. 5:

1. Ang pinagsamang espiritu ay ang kaparaanan kung saan inihahayag sa mga apostol at mga propeta ang Bagong Tipang pahayag hinggil kay Kristo at sa ekklesia.
2. Kapag ang ating espiritu ay naisama sa dibinong Espiritu, ang ating espiritu ay nagiging sangkap kung saan inihahayag ang hiwaga ni Kristo—1 Cor. 6:17; Efe. 1:17; 3:5.

D. Kung makikita natin ang pahayag ng nakukubling hiwaga, kailangan tayong mapalakas tungo sa ating panloob na tao, sa ating isinilang na muling espiritu, at pahintulutan si Kristo na gumawa ng Kanyang tahanan sa ating puso—bb. 14-17a.

E. Nagsasalita si Pablo sa Roma 16:25 at 26 hinggil sa pahayag ng hiwaga: “Ang pagpoproklama hinggil kay Hesu-Kristo, ayon sa pahayag ng hiwaga, na pinanatili sa katahimikan sa mga panahon ng kapanahunan ngunit nahayag na ngayon.”

**III. Isinasara ng ikapitong trumpeta, bilang kongklusyon ng walang hanggang ekonomiya ng naprosesong Tres-unong Diyos, ang kasalukuyang kapana-hunan ng hiwaga; kaya, sinasabi sa Apocalipisis 10:7, “Ang hiwaga ng Diyos ay tapos na”:**

A. Ang “upang tatakan ang pangitain at ang propeta” (Dan. 9:24c) ay ang isara ang kapanahunan ng hiwaga, iyon ay, ang tapusin ang hiwaga ng Diyos (Apoc. 10:7; 1 Tim. 3:9).

B. Sa mga kapanahunan mula kay Adam hanggang kay Moises at mula kay Moises hanggang kay Kristo, ang lahat ng bagay ay nailahad, naipakita, at walang hiwaga.

C. Magiging gayundin sa kapanahunan ng milenyal na kaharian at ng bagong langit at bagong lupa—lahat ng bagay ay mailalahad at pagkatapos ay wala nang magiging hiwaga pa.

D. Si Kristo Mismo (Col. 2:2), ang ekklesia (Efe. 3:4-6), ang kaharian ng kalangitan (Mat. 13:11), ang ebanghelyo (Efe. 6:19), ang paninirahan sa loob ni Kristo (Col. 1:26-27), at ang darating na pagkabuhay na muli at pagbabagong-anyo ng mga banal sa katapusan nitong kapanahunan ng hiwaga (1 Cor. 15:51-52) ay pawang mga hiwaga na nakakubli sa mga panahon ng mga kapanahunan (Roma 16:25; Efe. 3:5; Col. 1:26).

E. Ang lahat ng hiwagang ito ay makukumpleto, matatapos, at magwawakas sa pagtutrumpeta ng ikapitong trumpeta.

F. Sa pagtutrumpeta ng ikapitong trumpeta, hindi lamang ang paghahatol ng poot ng Diyos sa lupa ang tapos na bagkus gayundin ang hiwaga ng Diyos.

G. Sa kapanahunan mula sa pagkakatawang-tao ni Kristo hanggang sa milenyal na kaharian—ang kapanahunan ng ekklesia, ang kapanahunan ng biyaya—ang lahat ng bagay ay isang hiwaga:

1. Ang pagkakatawang-tao ni Kristo, bilang simula ng kapanahunan ng hiwaga, ay isang hiwaga—1 Tim. 3:16.
2. Si Kristo ang hiwaga ng Diyos—Col. 2:2.
3. Ang ekklesia ang hiwaga ni Kristo—Efe. 3:4-6:
    a. Si Kristo ay isang hiwaga, at ang ekklesia, bilang Katawan ni Kristo upang ihayag Siya, ay ang hiwaga ni Kristo.
    b. Si Kristo at ang ekklesia bilang isang espiritu ay ang dakilang hiwaga—5:32; 1 Cor. 6:17.
    c. Sa kapanahunan ng ekklesia, ang kapanahunan ng hiwaga, itinatayo ni Kristo ang ekklesia upang maging Kanyang kasintahang babae—Mat. 16:18; Efe. 4:16; Apoc. 19:7-9.
4. Ang kaharian ng kalangitan, ang naninirahan sa loob na Kristo, at ang pagkabuhay na muli at pagbabagong-anyo ng mga banal ay pawang mga hiwaga—Mat. 13:11; Col. 1:26-27; 1 Cor. 15:51-53.

**IV. Ang hiwaga ng ekklesia ay ang sukdulang hiwaga sa sansinukob:**

A. Ang ekklesia ay ang nakukubling hiwaga sa walang hanggang ekonomiya ng Diyos—Efe. 3:9-11:

1. Ang hiwaga ng sansinukob ay ang Diyos, ang hiwaga ng Diyos ay si Kristo, at ang hiwaga ni Kristo ay ang ekklesia—Gen. 1:1; Apoc. 4:11; Col. 2:2; Efe. 3:4.
2. Ayon sa Efeso 3:4, ang ekklesia ay may partikular na titulo—*ang hiwaga ni Kristo.*
3. Sa mga kapanahunan bago ang Bagong Tipan, ang hiwaga ng ekklesia ay nakukubli sa mga tao; inihayag lamang ito sa mga apostol at mga mananampalataya sa kapanahunan ng Bagong Tipan—b. 5; Col. 1:26.
4. Ang hiwaga ng ekklesia ay nakukubli mula pa sa walang hanggang nakalipas sa buong panahon ng Lumang Tipan, subalit sa kapanahunan ng Bagong Tipan ay nahayag ito sa lahat ng mananampalataya sa loob ni Kristo.
5. Sa Bagong Herusalem ang Diyos ay makapagtatamo ng isang walang hanggan at ganap na kahayagan sa taong Kanyang nilikha; ito ang sukdulang hiwaga sa sansinukob—ang hiwaga ng ekklesia—Efe. 5:32.

6. Kailangang maging malakas at punô ng karunungan at pahayag ang ating espiritu nang sa gayon ay malaman natin ang hiwaga ng ekklesia—1:17.
7. Ang hiwaga ni Kristo at ang hiwaga ng ekklesia ay dakila at malalim.

B. Ang dakilang hiwaga—Si Kristo at ang ekklesia—ay ang kahulugan ng sansinukob at ng pantaong buhay—Apoc. 4:11; Efe. 5:32:
   1. Ang intensiyon ng Diyos sa Kanyang paglikha sa lahat ng bagay, kabilang ang tao, ay yaong maisama ang tao sa Diyos upang ibunga ang ekklesia—Zec. 12:1; Efe. 3:9.
   2. Ang nais ng puso ng Diyos ay ang mataglay ang hiwaga ni Kristo—ang Katawan ni Kristo bilang paglaki at kahayagan ni Kristo—1:5, 9, 11, 22-23.
   3. Ang buhay-Katawan ay ang sukdulang kasiyahan ng ating espiritwal na karanasan—5:30.
   4. Ang ekonomiya ng hiwagang nakukubli sa loob ng Diyos sa buong itinagal ng mga kapanahunan ay ang hiwaga ng ekklesia bilang Katawan ni Kristo—3:9-10.
   5. Ang hiwaga ni Kristo at ang hiwaga ng ekklesia ay dapat na maging ating pang-araw-araw na buhay; kung wala ang hiwagang ito, ang buhay natin ay magiging isang buhay lamang ng isang tao, hindi ang buhay ng isang Kristiyano—b. 4; 1 Tim. 3:15-16.

*© 2024 Living Stream Ministry*